ANG REHIYON 0: REHIYON NG DETEKTIB

A Fictional Region in the Philippines

Donward Bughaw

2021

DISCLAIMER

This is a work of fiction. Names, characters, places, events, and incidents are either the products of the author's imagination or use in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

Copyright © 2021 Donward Bughaw. All rights reserved.

No part of this work may be reproduced, copied, or transmitted in any form without prior written permission from the author.

All AI generated images are based on my personal and actual drawing.

ANG REHIYON 0

Rehiyon ng Detektib

Pigura 1.1 Mapa ng Pilipinas at ng Rehiyon 0 kung nasaan ang Lungsod ng Bughaw at ang mga karatig na lugar nito. Copyright © 2026 by Donward Bughaw. All rights reserved

Pigura 1.2 Paglalarawan ng Pilipinas at Rehiyon 0 bilang isang "dinosaur" dahil sa pinagsamang hugis nito. Ang ideya ay mula kay Donward Bughaw. Copyright © 2026 by Donward Bughaw. All rights reserved.

Ang Rehiyon 0 o Rehiyon ng Detektib ay isang makitid at matulis na rehiyon sa pinakasilangang bahagi ng Pilipinas. Sa kabuuang sukat na humigit

-kumulang 130,000 kilometro kuwadrado, ito ang pinakamalaking rehiyon at pulo sa bansa. Kasinglaki nito ang bansang England.

Nakaupo ang kanluran at ilang bahagi ng timog at hilaga nito sa mismong Philippine Trench, kaharap ang Eastern Visayas, Caraga, at Davao Region. Nasa Pacific Ring of Fire din ito kaya nakararanas ng biglaang paglindol. Pero dahil sa estratehikong lokasyon, nagsilbi rin itong pananggalang ng mga kalapit na rehiyon laban sa kalamidad. Ang iba pang bahagi ay direktang nakalantad sa Karagatang Pasipiko kaya madalas itong tamaan ng malalakas na hangin at bagyo.

Binubuo ang rehiyon ng 54 na malalaking lungsod na ipinangalan sa mga tanyag na detective, ahente, at law enforcement officer sa buong mundo. Ang hilagang bahagi ay kinabibilangan ng Prendergast, Morton, Mehul, Peralta, Rush, Morse, Carisi, at Mason. Sa kanluran naman ay ang Bughaw, Lawliet, Hewitt, Dalgliesh, at Merrivale. Ang mga lugar ng Rockford, Grimoire, Marple, Dawson, Maigret, Strangeways, Holmes, Frost, Green, Appleby, Venn, Scarpetta, Edogawa, Barnaby, Mars, Jones, Gethryn, Devlin, Basil, at Sheringham ay nasa gitna kung saan nagtatagpo ang kultura, kalakalan, at imbestigasyon. Ang timog ay binubuo ng Murillo, Byron, Banks, at Wallace. Sa silangan at timog-

silangan naman matatagpuan ang Wexford, Castellanos, Columbo, Satterthwaite, Fusco, Marlowe, Calder, Rossi, Bakshi, Hoffman, Lindsay, Wenjie, Murdoch, Poirot, Pembelton, Smith, at Campion. Ang mga lugar na ito ang nasa dulo ng pulo kung saan unang sumisikat ang araw.

Pigura 1.3 Mapa ng Rehiyon 0 kung nasaan ang Lungsod ng Bughaw at ang mga karatig na lugar nito. Binubuo ang rehiyon ng 54 naglalakihang siyudad o lungsod. Sa Hilagang bahagi ay ang mga lugar ng Prendergast, Morton, Mehul, Peralta, Rush, Morse, Carisi, at Mason; sa Kanlurang bahagi ay ang Bughaw, Lawliet, Hewitt, Dalgliesh, at Merrivale; sa Gitnang bahagi ay ang Rockford, Grimoire, Marple, Dawson, Maigret, Strangeways, Holmes, Frost, Green,

Appleby, Venn, Scarpetta, Edogawa, Barnaby, Mars, Jones, Gethryn, Devlin, Basil, at Sheringham; sa Timog na bahagi ay ang Murillo, Byron, Banks, at Wallace. Sa Silangan at Timog-Silangang dulo naman matatagpuan ang Wexford, Castellanos, Columbo, Satterthwaite, Fusco, Marlowe, Calder, Rossi, Bakshi, Hoffman, Lindsay, Wenjie, Murdoch, Poirot, Pembelton, Smith, at Campion. Ang orihinal na guhit ng mapa nasa kamay at pag-iingat ni Donward Bughaw, ang lehitimong umisip at gumawa nito. Copyright © 2026 by Donward Bughaw. All rights reserved.

Ang Rehiyon 0 ay may tropikal na klima na nag-iiba depende sa pwesto. Sa kanluran kung nasaan ang Bughaw, banayad at pantay ang ulan buong taon dahil sa rain shadow ng gitnang kabundukan. Sa gitna, malamig at foggy ang mga bundok ng Holmes at Frost na nagsisilbing watershed. Sa silangan kung nasaan ang Campion ay walang tagtuyot at sunod-sunod ang bagyo mula Nobyembre hanggang Enero. Dahil dito, ang Rehiyon 0 ay may lahat ng klima ng Pilipinas sa isang rehiyon lang.

Tinatayang 100 milyon ang populasyon ng rehiyon. Tatlong-kapat nito ay mga nakapagtapos ng kolehiyo at may maayos na trabaho bilang guro, pulis, sundalo, nars, doktor, abogado, at iba pa. Ngunit ang pangunahing kabuhayan sa mga mayayamang lungsod tulad ng Hewitt, Lawliet, Rockford, Peralta, Morton, at Bughaw ay imbestigasyon at pananaliksik. Sa mga baybayin at kabukiran naman, laganap ang pangingisda at pagsasaka.

English at Tagalog ang mga opisyal na wika sa pamahalaan, kalakalan, at paaralan. Dahil nasa kanlurang baybayin ito kaharap ang Eastern Visayas at Mindanao, laganap din ang Cebuano, Waray-Waray, at Ilonggo sa mga pamilihan, pantalan, at kabahayan.

Noong 1521, tinangka ni Magellan na dumaong sa mga siyudad o lungsod ng Rehiyon 0, ngunit nabigo siya nang itaboy siya ng mga tao na naninirahan dito. Tuluyan itong nasakop ng mga Espanyol noong 1599, pagkatapos mamatay ni Datu Bughaw. Dahil dito, lumaganap ang kultura ng mga ito. Ang relihiyong Kristiyanismo ang naging pangunahing relihiyon sa buong rehiyon na sinundan ng Islam at iba pang paniniwala. Pero dahil na rin sa likas na pagiging mausisa at malikhain ng mga taong nakatira rito, mas nangingibabaw pa rin sa lahat ang "truth-seeking" anuman ang kanilang relihiyon o paniniwala.

Taong 1899, pumutok ang labanang Filipino-Amerikano. Kasama ang buong rehiyon na nakipaglaban laban sa mga Amerikano. Pagkatapos mahuli ni Aguinaldo noong 1901, tuluyan na ring nasakop ang buong rehiyon ng mga Amerikano. Nang maganap ang unang provincial elections sa Pilipinas noong 1902, si Donward Cañete Gomez Bughaw ang nahalal bilang kauna-unahang

gobernador ng buong lalawigan ng Rehiyon 0. Siya ay nagsilbi sa loob ng 39 taon. Pagsapit ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, labis na napinsala ang mga lungsod sa rehiyon. Dahil dito nagkukuta ang ibang sundalong Amerikano, naging target ito ng pambobomba ng Japan. Marami ang namatay kasama na si Gobernador Bughaw na tinangkang manlaban matapos mahuli ng mga sundalong Hapon.

Pigura 1.4 Larawan ni Gobernador Donward Cañete Gomez Bughaw, ang kauna-unahang gobernador ng buong lalawigan ng Rehiyon 0 noong 1902. Copyright © 2026 by Donward Bughaw. All rights reserved.

Pagbalik ni MacArthur sa Pilipinas, ay kumilos din ang mga taga Rehiyon 0. Sa tulong ng mga karagdagang armas mula sa mga Amerikano ay

nakipaglaban ito hanggang sa taong 1945. Nakamit nito ang kalayaan, noong Hulyo 4, 1946, kung saan kasamang nilagdaan sa Treaty of General Relations between the Republic of the Philippines and the United States of America sa Maynila ang Bughaw Accord na naging legal na batayan hanggang sa ngayon sa pagsasarili ng buong rehiyon. Nakasaad sa kasunduang ito na ang Rehiyon 0 ay itinatag bilang isang Lalawigang Awtonomo. Ang buong teritoryo nito ay binubuo ng 54 na Lungsod na ang kapangyarihan ay nasa isang Gobernador at sa kanya-kanyang alkalde ng bawat Lungsod.

Malaki ang naging papel ni Gwanda Wordhub, ang pumalit na gobernador kay Bughaw, sa pagpapangalan sa mga lugar dito. Maliban sa Lungsod ng Bughaw na pinanatili ang pangalan dahil sa naging ambag ng dating pinuno rito, ang ibang lugar na dating may pangalan ng mga kulay ay ginawang mga pangalan ng detective. Si Wordhub ay isang Pilipino-Amerikanong ipinanganak at lumaki sa lungsod ng Bughaw na kasamang ipinadala sa Estados Unidos noong 1903 upang mag-aral sa ilalim ng Pensionado Act. Nagtapos siya ng kursong abogasya sa UC Berkeley, kung saan din nag-aral ang mga sikat na Pensionado tulad nina Manuel L. Quezon, Claro M. Recto at Jorge Bacobo.

ABOUT THE AUTHOR

Donward Caniete Bughaw also known for his pen names Donward Bughaw and Donward Cañete Gomez Bughaw is a Filipino poet and writer who began sharing original stories and poems on Facebook in 2015.

His work explores love, loss, longing, and the quiet moments in between.

He currently lives in Santa Catalina, Zamboanga City, and hails originally from Olutanga, Zamboanga Sibugay.

APPENDIX A

THE ORIGINAL HANDRAWN MAP OF REGION 0 OR DETECTIVE REGION BY DONWARD BUGHAW



APPENDIX B

AI RENDERED MAPS OF REGION 0 OR DETECTIVE REGION BASED ON THE ORIGINAL HANDRAWN MAP BY DONWARD BUGHAW



PRENDERGAST
RUSH
MORTON
MEHUL
PERALTA
MORSE
MARPLE
GRIMOIRE
HOLMES
CARISI
BUGHAW
MASON
ROCKFORD
LAKSHI
DAWSON
FROST
JONES
GETHRYN
MAIGRET
BASIL
ROSSI
LAWLIET
BARNABY
GREEN
DEVLIN
SHERINGHAM
CASTELLANOS
APPLEBY
MARS
BYRON
WEXFORD
HOFFMAN
STRANGEWAYS
VENN
SCARPETTA
COLUMBO
SATTERTHWAITE
HEWITT
DALGLIESH
BANKS
WENJIE
LINDSAY
EDOGAWA
WALLACE
FUSCO
MARLOWE
CADIER
MURDOCH
POIROT
PEMBELTON
MERRIVALE
SMITH
CAMPION
MURILLO

PHILIPPINE SEA

BUGHAW SEA
PHILIPPINE SEA



PACIFIC OCEAN

PHILIPPINES

Region 0
(Detective Region)



N
W
E
S
CORDILLERA ADMINISTRATIVE REGION
ILOCOS REGION
Philippine Sea
West Philippine Sea
Sulu Sea